10
Grade

(GCED)
# Global Citizenship Education
## Lesson Exemplar
# EDUKASYON SA PAGPAPAPAKATAO

Copyright © 2021 Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding,
Philippine Normal University, and Department of Education-Philippines

All rights reserved. No part of this book may be reproduced or used in any manner without written permission of the copyright owner except for the use of quotations in a book review.

**Published by**
Asia-Pacific Centre of Education for International Understanding
and
Philippine Normal University
Manila, Philippines

Learning Area: Edukasyon sa Pagpapakatao
Grade Level: 10
Title: Ang Mga Katangian ng Pagpapakatao
Project: Global Citizenship Education Curriculum Development and Integration in the Philippines

**Editorial Board**
Writer: Ronely M. Vergara

Layout Artist: John Ray D. Barcena

Language Editor: Jasper P. Lomtong

Content Editors: Maria Lourdes Quisumbing-Baybay and Ma. Lorella C. Arabit-Zapatos

Developmental Editor: Ma. Lorella C. Arabit-Zapatos

Associate Editors: Serafin A. Arviola Jr., Carl O. Dellomos, Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta

Managing Editors: Carl O. Dellomos and II Timothy D. Salegumba

Chief Editor: Carl O. Dellomos

**Reviewers**
Floyd G. Aquino, Flor-Anne D. Gonzales, Yvette Marie R. Muyco, Alester D. Oca, Lisette Philline C. Rivera, Richard C. Agustin, John Bren M. Dolor, Joseph Joy G. Havana, Francis Albert B. Mendoza, Jovel J. Oberio, Hel S. Patricio, Reynante M. Sofera, and Jinx D. Villas

**Consultants**
Bert J. Tuga, Jocelyn DR Andaya, and Rita B. Ruscoe

**Project Management Team**
*Project Director: Serafin A. Arviola Jr.*
*Deputy Project Director: Carl O. Dellomos*
*Core Team Members: Zyralie L. Bedural, Rowena R. Hibanada, and Gerry C. Areta*
*Faculty Assistant: Iona Ofelia B. Zanoria*
*Technical Assistants: II Timothy D. Salegumba and Jean Pauline E. Maur*

ISBN: 979-11-87819-87-5
APCEIU Publication Number: BE-RND-2021-062

**Learning Area:** Edukasyon sa Pagpapakatao

**Grade Level:** 10

**Quarter:** 1st

**GCED Domain/s:** Cognitive, Socio-Emotional, and Behavioral

**GCED Indicator/s:**

D1.1.e Evaluate appropriate actions, consequences, and implications

D2.1.d Value humanity and nation as basis for identity and citizenship

D3.1.a Demonstrate ethical and responsible behavior for a just and sustainable society

**GCED Topic/s:**

Promotion and Advancement of Peace

**Enhanced Content Standard/s:**

1. Naipamamalas ng mag- aaral ang pag-unawa sa mga konsepto tungkol sa paggamit ng isip sa paghahanap ng katotohanan at paggamit ng kilos-loob sa paglilingkod/pagmamahal sa kapwa.

2. Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa tunay na gamit ng kalayaan at kaakibat na responsibilidad.

3. Naipamamalas ng mag- aaral ang pag-unawa sa dignidad at karapatang pantao.

**Enhanced Performance Standard/s:**

1. Nakagagawa ang mag-aaral ng mga angkop na kilos upang maipakita ang kakayahang masuri at mahanap ang katotohanan, maglingkod at magmahal.

2. Nakagagawa ang mag-aaral ng angkop na kilos upang maisabuhay ang responsableng paggamit ng tunay na kalayaan: tumugon sa tawag ng pagmamahal at paglilingkod.

3. Nakagagawa ng mga angkop na kilos upang maipakita sa kapwang itinuturing na mababa ang sarili na siya ay bukod-tangi dahil sa kanyang taglay na dignidad at pagkapantay-pantay ng bawat tao.

**Time Allotment:**

120 minutes

# TABLE OF CONTENTS


| | |
|---|---|
| **Lesson Title** | 2 |
| **Lesson Introduction** | 3 |
| Lesson Objectives (What I Need to Know/ Alamin) | 3 |
| Pretest (What I Know / Subukin) | 4 |
| **Lesson Proper** | 5 |
| Review (What's In / Balikan) | 5 |
| Activity (What's New/ Tuklasin) | 6 |
| Discussion (What is It / Talakayin) | 7-9 |
| Generalization (What I Have Learned/ Isaisip) | 10 |
| Reflection (Why is it meaningful and relevant /Isapuso) | 11 |
| Application (What I Can Do / Isagawa) | 12 |
| Assessment / Tayahin | 13 |
| Answer Key / Susi sa Pagwawasto | 14 |
| References / Sanggunian | 15 |

# ANG MGA KATANGIAN NG PAGPAPAKATAO



# LESSON INTRODUCTION

Ngayong nasa Baitang 10 ka na , marami ka nang natutuhan na aralin mula sa iba't ibang modyul ukol sa pagpapaunlad ng iyong sarili at ugnayan sa iyong kapwa. Marami na ring bagay ang iyong natutuhan ukol sa pagpapaunlad ng iyong sarili na kung saan mag-aambag at handang magbahagi para sa pag-unlad ng pamayanan at makamit ang kapayaang pangkalahatan.

Bilang isang mag-aaral na puno ng pangarap sa buhay kailangan mo malaman na hindi lamang ang pansariling kaalaman ang dapat mong taglayin bagkus kung paano ka nakisalamuha sa iyong kapwa. Sa iyong palagay malaki na ba ang naiambag mong tulong upang maparamdam sa iyong kapwa ang pagmamahal at maipakita na ikaw ay taong umiiral na naghahatid din ng kapayapaan sa kapwa o sa mundong iyong ginagalawan.

Biniyayaan ka ng kalayaan na kumilos na angkop sa iyong sariling kakayahan na magdudulot ng kabutihang panlahat. Sumuri ng iyong desisyon at kilos na isasagawa upang maipadama ang pagmamahal sa bayan. Lalot higit ang pagsasabuhay ng makataong kilos na kung saan ang magandang bunga ng paggamit ng kilos-loob at mapanagutang paggamit ng isip sa lahat ng ginagawa sa araw-araw.

Sa edad mo ngayon nawa'y lalo pang umusbong at lumago ang iyong kakayahan upang mapagsilbihan ang iyong kapwa at maging mabuting ehemplo sa mga kabataan katulad ng kasabihan na ang kabataan ang pag-asa ng bayan. Nalalaman mo rin na bilang isang taong biniyayaan ng kakayahan ay may responsibilidad ka sa mga itinatakbo ng mundo at may maiaambag ka upang ito'y manatiling umuunlad na taglay ang kapayapaan. Maaaring nagtatanong ka ngayon sa iyong sarili kung ano pa ang maiaambag mo sa mundong ito? Angkop ba ang kilos at pagpapasya mo upang masabing ikaw ay isang mamamayang may pananagutan? Ano pa bang kakayahan ang dapat mong isabuhay na tutulong sa iyo sa misyon mo sa mundo? Bilang kabataan ano ang maitutulong o maibabahagi mong solusyon sa mga problemang kinakaharap ng mundo na may kinalaman sa pagkapantay-pantay at pagpapakatao?

# LESSON OBJECTIVE

## (WHAT I NEED TO KNOW / ALAMIN)

Ang mga mag-aaral ay:


1. Natutukoy ang katangian ng pagpapakatao na makatutulong sa paghahanap ng katotohanan at tamang paggamit ng isip at kilos loob na magbubunga ng pagmamahal sa kapwa at kabutihang panlahat.

2. Nasusuri ang sarili ng may kalayaan kung anong katangian ng pagpapakatao ang makatutulong sa pagtupad ng misyon sa buhay at angkop na kilos upang maisabuhay ang pagpapakatao upang maging isang responsableng mamamayan na handang tumugon sa tawag ng pagmamahal at paglilingkod sa kapwa.

3. Nailalapat ang mga tiyak na hakbang upang paunlarin ang mga katangian ng pagpapakatao at maisabuhay ang pagkapantay-pantay ng bawat tao na magreresulta sa kapayapaan.

# PRETEST

## (WHAT I NEED TO KNOW / SUBUKIN)



Sa pagninilay ni Mother Teresa, narinig niya ang tawag ng paglilingkod sa labas ng kumbento- ang tulungan ang mga batang napabayaan, mga taong hindi minahal at may sakit na hindi inalagaan. Ginamit niya ang kaniyang kaalaman sa panggagamot at kakayahan sa pagtuturo upang tugunan ang pangangailangang pisikal at espirituwal ng mga mahihirap.



*Sanggunian: (Larawan ni Mother Teresa) https://www.bbc.co.uk/newsround/50075153*

Panuto:

1. Pagnilayan ang ibinigay na buhay ni Mother Teresa ayon sa nabasang talata.

2. Sagutin ang mga tanong at isulat sa kuwaderno .

a. Ano ang katangian ang ipinamalas ni Mother Teresa?

b. Sa iyong palagay magagawa mo bang gawin ang ginawa ni Mother Teresa sa iyong kapwa? Sa Paanong paraan.

c. Masasabi mo bang siya ay naging mabuting ehemplo sa kanyang kapwa dahil sa ipinamalas niyang katangian? Pangatuwiranan.

# LESSON PROPER

## REVIEW (WHAT'S IN/BALIKAN)

**Maitim man o maputi ang kulay ng balat, lahat ng tao'y magkakapantay; mangyaring ang isa'y hihigitan sa dunong , sa yaman, sa ganda; ngunit hindi mahihigitan sa pagkatao.**

-kuha sa Kartilya ng Katipunan

*Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=Vb_AwPkjx9w*

Panuto:

1. Suriin ang isa sa mga pluma sa Kartilya ng Katipunan ni Emilio Jacinto.

2. Sa gabay ng guro, hahatiin ang klase sa apat na pangkat. Pag-uusapan ng bawat pangkat ang kahulugan ng talata.

3. Maipakita ng mga mag-aaral kung ano ang sariling pagpapakahulugan sa konsepto ng pagkatao na dapat na taglayin ng bawat isa.


4. Pagbabahagi sa klase gamit ang mga gabay na tanong.

a. Batay sa mga sagot ano ang pagkatao ayon sa sariling pakahulugan ng bawat isa. At ang pagkakaiba ng pagkatao sa pagpapakatao.

b. Magbibigay ng ilang mga paraan kung paano isasabuhay ang pagpapa-katao ayon sa ibinigay nilang kahulugan nito.

# LESSON PROPER

## ACTIVITY (WHAT'S NEW/TUKLASIN)



Sa iyong paglalakbay sa ating mundo, maaaring marami kang magandang kaugalian o katangian na taglay kung saan ito ay naibabahagi mo sa iyong kapwa. Batid ko na ang mga katangiang ito ay lalo mo pang mapauunlad kung ito ay gagamitin mo sa kabutihang panlahat.

Sa edad mo ngayon maaring unti-unti mo nang nalalaman o nababatid ang hatid mong misyon .

Halika! Ilahad natin ang misyon mo sa mundo.

Panuto:

Gamit ang kahon itala ang misyon na iyong naiisip dito sa mundo na maghahatid sa iyo ng kaganapan at pagmamahal sa iyong kapwa para sa kapayapaan at kabutihang panlahat.

**Ang aking misyon ...**

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

### Ang Mga Katangian ng Pagpapakatao

Sa isang pahayagan inilahad na ang pagpapakatao ay isang kilos na naglalarawan sa pagbibigay kaalaman na bigyan tugon ang pagkilala ng dangal at pagbigay ng respeto sa ibang tao. Bukod dito, ang pagpapakatao rin ay ang ating mga ipinapakitang personalidad.

Sa iyong pag-aaral marahil natutuhan mo na ang tao ay nilikhang may isip at kilos loob na maaring gamitin ng may kalayaan taglay ang tamang konsensiya. Ang tao ay kaiba sa lahat ng nilalang ng Diyos dahil tao lamang ang may kakayahang mag-isip (pagkarasyonal) at kakayahang itakda ang kaniyang kilos para lamang sa katotohanan at kabutihan (pagkamalaya). Maaari kumilos ang tao at magdesisyon upang maging ganap ang kanyang pag-iral sa mundo. Ito ang unang bahagi ng pagpapakatao na tumatalakay sa pagka -ano ng tao.

Ang ikalawang bahagi, ay tumutukoy sa pagka-sinu ng tao o persona (person) ng tao. Binubuo ito ng mga katangiang nagpapabukod-tangi sa kaniya sa kapuwa niya tao Sa kaniyang pag-iisip, pagpapasiya, at pagkilos, nagiging bukod-tangi ang bawat tao. Sa yugtong ito tutukuyin ng tao ang kanyang ikinikilos at pagdedisisyon na kung saan malaking ambag sa pagtukoy sa kanyang pagiging bukod tangi. Sa kanyang ipapamalas na buhay sa mundo unti unti niyang lilikhain sa kanyang sarili ang mga kaugalian at katangian na magdudulot sa kanya ng bukod tangi sa iba.

Ang paglikha ng pagka-sino ng tao ay dumaraan sa tatlong yugto: ang tao bilang indibidwal, ang tao bilang person (persona), at ang tao bilang personalidad. Ang tao bilang indibidwal ay tumutukoy sa pagiging hiwalay niya sa ibang tao. Nang isinilang siya sa mundo, nagsimula na siyang mag-okupa ng espasyo na hiwalay sa ibang tao. Dahil sa kaniyang kamalayan at kalayaan, nasa kaniyang mga kamay ang pagbuo niya ng kaniyang pagka-sino. Ang kaniyang pagkaindibidwal ay isang proyektong kaniyang bubuuin habang buhay bilang nilalang na hindi tapos (unfinished).

Ang tao bilang person ( persona) ay isang proseso ng pagpupunyagi tungo sa pagiging ganap na siya. Bilang person ( persona), may halaga ang tao sa kaniyang sarili mismo. Ito ay dahil bukod-tangi siya, hindi siya mauulit (unrepeatable) at hindi siya mauuwi sa anoman (irreducible). Ibig sabihin, hindi siya mababawasan at maibababa sa kanyang pagkatao dahil "buo" siya bilang tao (Dy, 2012, ph. 295). Kaya napakahalaga ang pagtuklas at pagpapaunlad niya ng kaniyang mga talento, hilig, at kakayahan upang mabuo niya ang kaniyang pagiging sino. Kailangan din matukoy niya ang kanyang mga kakayahan upang mag-ambag ng solusyon sa mga isyo at problemang kinakaharap ng mundo.

Ang tao bilang personalidad ay ang pagkamit ng tao ng kaniyang kabuuan, ang resulta ng pagpupunyagi sa pagbuo ng kaniyang pagka-sino. Ang taong itinuturing na personalidad ay may mga matibay na pagpapahalaga at paniniwala, totoo sa kaniyang sarili, at tapat sa kaniyang misyon. Kaya anoman ang mga nagtutunggaliang impluwensiya ng kapaligiran o teknolohiya, hindi siya nagpapadala o naiimpluwensiyahan ng pananaw ng nakararami dahil sa kaniyang matibay na paninindigan. Marahil ang taglay niyang personalidad ang magdudulot sa kanya upang maging ehemplo sa iba lalo't sa kanyang mga ipinapakitang gawi at kilos na magdudulot ng kabutihang panlahat at kapayapaan sa mundo. Mataas ang antas ng kaniyang pagka-persona. Ang pagkamit ng kaniyang pagka-personalidad ay nangangailangan ng pagbuo (integration) ng kaniyang pag-iisip, pagkagusto (willingness), pananalita, at pagkilos tungo sa isang pagpapahalagang magbibigkis sa lahat ng mga ito.

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

### Ang Mga Katangian ng Pagpapakatao

Mabubuo lamang ang kaniyang sarili kung itatalaga niya ang kaniyang pagka-sino sa paglilingkod sa kaniyang kapwa, lalo na ang mga nangangailangan. Maaring magdulot ito ng magandang resulta at tutugon sa mga hinaharap ng problema ng mundo ayon sa pagkapantay-pantay.

May tatlong katangian ang tao bilang persona, ayon kay Scheler (1974, ph 37-42). Ang mga ito ay: may kamalayan sa sarili, may kakayahang kumuha ng buod o esensiya ng mga umiiral at umiiral na nagmamahal (ens amans). Ang mga ito ang mga katangian ng pagpapakatao.

**1. May kamalayan sa sarili.** May kakayahan ang tao na magnilay o gawing obheto ng kaniyang isip ang kaniyang sarili. Dahil dito, alam niya na alam niya o hindi niya alam. Nagiging mundo ang kaniyang kapaligiran dahil sa kaniyang kakayahan na pag-isipan ang kaniyang sarili. Ang taong may kamalayan sa sarili ay may pagtanggap sa kaniyang mga talento na magagamit niya sa kaniyang pakikibahagi sa mundo - Ito ang nagpapatibay ng kaniyang kalooban sa pagtugon sa kaniyang bokasyon at tunguhin sa buhay (Moga, 2005). Dahil sa kaniyang kakayahan sa pag-iisip, napauunlad niya ang kaniyang kamalayan sa sarili. Malaki ang kakayahan niyang ilarawan at bigyang-kahulugan ang mga imahe at palatandaan ng kalikasan, kilos, at mga panaginip. Nakatutulong ang mga ito upang mabantayan at mapaghandaan niya ang mga sitwasyon sa buhay lalo na ang mga hindi kanais-nais.

**2. May kakayahang kumuha ng buod o esensiya ng mga umiiral.** Ito ang kakayahang kumuha ng buod o esensiya ng mga partikular na umiiral. May kakayahan siyang bumuo ng konklusiyon mula sa isang pangyayari. Nakikita ng tao ang esensiya ng mga umiiral (essence of existence) kung humahanga at namamangha na siya sa kagandahan ng mga bagay sa kaniyang paligid, nauunawaan na niya ang layunin ng pag-iral ng mga ito, at ang kaugnayan ng mga ito sa kaniyang pag-unlad. Ang paghanga o pagkamanghang ito ay magbubunga ng kaniyang pagkamalikhain, pag-unawa, at pagiging mapanagutan sa mga bagay-bagay sa kaniyang buhay. Ang buod o esensiya na nabuo mula sa mga partikular na bagay na umiiral ay naghihintay ng tugon sa tao.

**3. Umiiral na nagmamahal (ens amans)** Ang umiiral na nagmamahal ang pinakamahalagang katangian ng tao bilang persona. Ang ens amans ay salitang Latin na ang kahulugan ay umiiral na nagmamahal. Ang tao ay may kakayahang magmahal dahil ang puso niya ay nakalaang magmahal. Lahat ng mabuting kilos ay kilos ng pagmamahal. Kumikilos ang tao para sa kabutihan dahil siya ay umiiral na nagmamahal.

Ang pagmamahal ay galaw ng damdamin patungo sa mga tao at iba pang bagay na may halaga. Ito ang pinakapangunahing kilos dahil nakabatay dito ang lahat ng pagkilos ng tao at ang tunguhin ng lahat ng mabuting kilos ay pagmamahal. Ang tunay na kahulugan ng pagmamahal ay ang pagiging handang ibigay ang lahat alang-alang sa katiwasayan, kapayapaan at pagkakaisa ng lahat.

# LESSON PROPER

## DISCUSSION (WHAT IS IT/TALAKAYIN)

**Ang Mga Katangian ng Pagpapakatao**

Sabi nga ni Blaise Pascal, "May sariling katwiran ang pagmamahal na hindi maunawaan ng mismong katwiran." Ang pagmamahal ay isang galaw patungo sa meron (being) na may halaga at pagpapaunlad ng halaga ng minamahal ayon sa kalikasan nito. Nakikita ng nagmamahal na may halaga ang isang meron tulad ng tao, bagay, at Diyos, at gumagalaw ang pagmamahal na ito tungo sa mas mataas na pagpapahalaga na naaayon sa kalikasan ng minamahal. Ibinibigay ng nagmamahal ang sarili sa minamahal nang walang kondisyon o kapalit.

Bilang kabataan kailangan taglay natin ang katangian ng pagpapakatao upang maging ganap tayo at magamit ito sa bawat araw sa pag-aambag ng kabutihan sa kapwa na kung saan sa maliit na pamamaraan na ito ay magdudulot ng kapayapaan sa mundo na isa sa mga susi upang masolusyunan ang mga problemang kinakaharap sa ngayon.

# LESSON PROPER

## GENERALIZATION (WHAT I HAVE LEARNED/ISAISIP)

**Panuto:**

Magbigay ng sitwasyon sa mundo ukol sa hindi pagpapakita ng tunay na pagpapakatao at bilang kabataan magbigay ng hakbang kung paano mo ito masosolusyonan taglay ang pagiging makatao na nagtataglay ng responsableng paggamit ng tunay na kalayaan na tumutugon sa tawag ng pagmamahal at paglilingkod sa kapwa.

**Sitwasyon na kinakaharap sa mundo ngayon.....**

**Bilang Kabataan na nagmamalasakit sa kapwa at sa mundo na nagtataglay katangian ng pagpapakatao ako ay**________________________________


____________________________________________________________.

# LESSON PROPER

## REFLECTION (WHY IS IT MEANINGFUL AND RELEVANT/ISAPUSO)


**Panuto:**

Dugtungan ang kataga kung paano mo naipapamalas ang katangian mo bilang isang taong umiiral na nagmamahal sa iyong kapwa.



# LESSON PROPER

## APPLICATION (WHAT I CAN DO/ISAGAWA)



### MAY MAGAGAWA KA! ...

Basahin:

Sa kaniyang murang edad, nagpamalas ng pagiging personalidad si Cris "Kesz" Valdez. Tumanggap siya ng International Children's Peace Prize noong 2012 isang pagkilala sa mga kabataang nagpakita ng bukod-tanging paggawa at ideya upang makatulong sa paglutas ng mga suliraning kinakaharap ng mga kabataan sa buong mundo. Nahubog ang pagka-persona ni Kesz sa kaniyang natuklasang misyon sa buhay - ang pagkalinga sa mga batang lansangan. Binuo niya ang Championing Community Children pagkatapos siyang sagipin bilang batang lansangan ni Harnin Manalaysay. Tinawag nilang Gifts of Hope ang ipinamimigay nila na mga tsinelas, laruan, sipilyo, kendi, at iba pa. Tinuruan nila ang mga kabataang ito na maging malinis sa katawan, kumain ng masustansiyang pagkain at ipaglaban ang kanilang mga karapatan. Ipinaunawa rin nila ang kahalagahan ng pagtutulungan at pagtuturo sa isa't isa upang lumawak ang kanilang kaalaman at kasanayan.

Ikaw naman........

Panuto:

1. Katulad ng ipinakitang halimbawa ni Cris "Kesz" Valdez bumuo ng pangkat na may limang miyembro at bilang responsableng mamamayan na taglay ang mga katangian ng mabuting pagpapakatao
.
2. Gumawa ng isang proyektong makatutulong sa kapwa lalo't higit sa mga nangangailangan na kung saan maipapamalas ang pagmamahal at paglilingkod sa kapwa taglay ang malayang paggamit ng isip.

3. Maaari itong gawin sa loob ng isang buwan kasama ang panahon sa pagpaplano ng proyekto. Maaring makipag-ugnayan sa Sangguniang Kabataan (SK) ng barangay o sa mga kinauukulan para sa isasagawang proyekto.

# ASSESSMENT

## TAYAHIN

**Panuto:**

Punuan ang Plano ng pagsasabuhay mo ng iyong katangian ng pagpapakatao na taglay mo. Sa unang bahagi ay ilalagay ang iyong gampanin sa buhay na susundan ng mga kaakibat na responsibilidad o gawain sa bawat papel na ginagampanan mo. Sa ikatlong bahagi ay panahon na igugugol mo para sa bawat gawain. Maaring gawing gabay ang halimbawa ng guro.

Halimbawa:

| Ang Aking mga Papel sa Buhay | Mga Gawain sa Bawat Papel | Panahon para sa Bawat Gawain |
|---|---|---|
| Mahusay na guro sa Edukasyon sa pagpapakatao | Paggawa ng isang makabuluhan na aralin na makatutulong sa mag-aaral na mapaunlad ang kanilang sariling kakayahan. | Sa simula ng bawat aralin. |

Ikaw naman ay ...

| Ang Aking mga Papel sa Buhay | Mga Gawain sa Bawat Papel | Panahon para sa Bawat Gawain |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |

# ANSWER KEY

## SUSI SA PAGWAWASTO

**Rubrik:**

| Pamantayan | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | Kabuuan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. Nailalahad nang buong husay ang mga gampanin mo bilang kabataan at mga ginawa mo sa bawat gampanin na ibinigay. | | | | | | |
| 2. Naibibigay ang ginawa sa bawat gampanin ng may sapat na panahon at nagamit ang panahon ng may katarungan. | | | | | | |
| 3. Nabibigyang diin ang mga katangi-tanging nagawa bilang kabataan sa pagkamit ng kabutihang panlahat. | | | | | | |

# REFERENCES

## SANGGUNIAN


Asia-Pacific Center for Education in International Understanding, Department of Education, Philippine Normal University. Developing Gced Lesson Exemplars. Areta, Gerry. C.; Cantillo M. L.; & De Guzman, Zyra R. Philippine GCED KSA Development and Integration. Learning Area: Edukasyon sa Pagpapakatao

Department of Education. K to 12 Curriculum Guide in Edukasyon sa Pagpapaktao (Grade 10). Pasig City, 2016 https://dokumen.tips/reader/f/esp-grade-10-learners-module

https://www.theravive.com/today/post/what-determines-personality-0003474.aspx

https://www.bbc.co.uk/newsround/50075153

https://newspapers.ph/2020/11/katangian-ng-pagpapakatao-halimbawa-at-kahulugan-nito/

Dy, M. Jr.(2013). Ang Pagtuturo ng Pilosopiya sa K-12 Edukasyon sa Pagpapakatao. Kaisipan, 1(1) 18-27

Dy, M. Jr. (2012). Philosophy of Man: Selected Readings. Makati City: Katha Publishing Company, Inc.

Moga, M. (2005). The Enduring Questions: An Introduction to Philosophy. Makati City: St. Pauls.

Scheler, M. (1974). Man's Place in Nature. (Translated by Hans Meyerhoff). New York: The Noonday Press.

Scheler, M. (1974)."Ordo Amoris": Selected Philosophical Essays. Illinois: Northwestern University Press.

Sanggunian: Imahe ng personalidad
https://www.theravive.com/today/post/what-determines-personality-0003474.aspx

비매품/무료
13370
9 791187 819875
ISBN 979-11-87819-87-5